
# Pag-uunawa sa mga Kagat ng Garapata at Lyme Disease

## Paano maiiwasan ang mga kagat ng garapata




**Ang mga garapata (tick) ay maaaring magkalat ng sakit, kasama na ang Lyme disease.**

### Protektahan ang inyong sarili:

- Gamitin ang mga insect repellent na naka-rehistro sa Environmental Protection Agency (EPA) na may DEET, picaridin, IR3535, oil of lemon eucalyptus, para-menthane-diol, o 2-undecanone. Palaging sundin ang mga instruksyon sa paggamit ng produkto.
- Magsuot ng mga damit na ginamot sa permethrin.
- Maligo kaagad pagkagaling sa labas.
- Tingnan araw-araw kung may garapata. Ang mga garapata ay maaaring magtago sa ilalim ng kili-kili, sa likod ng tuhod, sa buhok, at sa maseselang parti ng katawan o ari.
- I-tumble ang mga damit sa dryer sa high heat ng 10 minuto para mapatay ang mga garapata sa tuyong damit pagkagaling mo sa labas. Kung ang mga damit ay mamasa-masa, maaaring kailangang mas matagal sa dryer.

## Paano alisin ang isang garapata

1. Gumamit ng tsani na pino ang dulo at kunin ang garapata na nakadikit sa balat.
2. Marahan na hilahin pataas para maalis ang garapata. Iwasan na magalaw o matagtag.
3. Linisin ang lugar na pinagkagatan at ang iyong mga kamay gamit ang rubbing alcohol o sabon at tubig.




### Mga Tala:

- Alisin kaagad ang garapata para mabawasan ang mga posibilidad na maimpeksyon dahil sa kagat ng garapata.
- Huwag gumamit ng nail polish, petroleum jelly, o mainit na posporo para matanggal sa pagkakadikit ang garapata.
- Kapag naiwan ang mga parte ng bibig ng garapata sa balat, hayaan ito. Sa karamihang mga kaso, babagsak nang kusa ang mga ito sa loob ng ilang mga araw.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

CS287706-E Tagalog January 18, 2018



*Pagkaparalisa ng Mukha.*



*Bull's eye rash sa likod.*



*May athritis na tuhod.*

## Kailan dapat magpatingin sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan (health care provider)

Kapag nagkaroon ka ng pantal, lagnat, lubos na pagkapagod, o pananakit sa mga kasu-kasuan o kalamnan sa loob ng ilang mga linggo pagkatapos ang pagkakaalis ng garapata o pamamalagi sa isang lugar na may mga garapata, magpatingin sa inyong tagapagkaloob ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Tiyakin na banggitin ang iyong pinakahuling kagat ng garapata at kung kailan ito nangyari, o kung namalagi kayo sa mga lugar kung saan maaaring may mga garapata.

Kapag hinayaang hindi nagamot, maaaring makaapekto ang Lyme disease sa mga kasu-kasuan, puso o nervous system.

## Nagagamot ng mga antibiotic ang Lyme disease

Ang mga taong ginagamot ng antibiotics sa maagang mga yugto ng Lyme disease ay karaniwang mabilis at ganap na gumagaling. Ang mga antibiotic na karaniwang ginagamit para gamutin ang Lyme disease ay kinabibilangan ng: doxycycline, amoxicillin, o cefuroxime axetil.

## Pagtanaw sa iyong paggaling

Magpahinga at uminom ng antibiotics tulad ng inireseta. Maaaring tumagal ang paggaling ng ilang linggo o mas matagal pa.

Ang ilang mga tao ay nagtatanong kung may pagsusuri para makumpirma na sila ay magaling na, ngunit walang ganoong uri ng pagsusuri. Ang muling pagpapasuri sa Lyme disease ay hindi inirerekumenda dahil ang mga pagsusuri sa dugo ay maaaring magpositibo sa loob ng ilang mga buwan o taon pagkatapos kang gamutin. Ang isang positibong resulta sa pagsusuri ay hindi nangangahulugan na may impeksyon ka pa rin. Ito ay nangangahulugan lang na naaalala ng iyong resistensya ang iyong impeksyon.

Maaari kang magkaroon ulit ng Lyme disease kapag ikaw ay nakagat ng iba pang nahawahang garapata, kaya't protektahan ang iyong sarili mula sa mga kagat ng garapata.



***Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang www.cdc.gov/Lyme at www.cdc.gov/Ticks***